Hotels, Lodging, and Short-Term Rentals FAQs	**Mga FAQ Tungkol sa Mga Hotel, Silid na Paupahan, at Short-Term Rental**
What are hotels and short-term rentals doing to slow the spread of COVID-19?	**Ano ang ginagawa ng mga hotel at short-term rental para hindi mabilis na kumalat ang COVID-19?**
Hotels and short-term rentals are required to ensure that guests and staff follow all public health protocols, including practicing physical distancing, wearing cloth face coverings and following infection control practices.	Inaatas sa mga hotel at short-term rental na tiyaking sumusunod ang mga bisita at kawani sa lahat ng protokol sa pampublikong kalusugan, kabilang ang pagsunod sa pisikal na pagdistansya, pagsusuot ng mga telang face mask at pagsunod sa mga kasanayan sa pagkontrol ng impeksyon.
What are the disinfecting protocols that need to be followed?	**Ano ang mga protokol sa pag-disinfect na kinakailangang sundin?**
Rooms, including surfaces, electronics and soft furniture, must be cleaned thoroughly after each stay using approved Environmental Protection Agency (EPA) disinfectants and techniques.	Dapat linisin nang mabuti ang mga kwarto, kabilang ang mga surface, electronics at soft furniture, pagkatapos ng bawat panunuluyan gamit ang mga disinfectant at pamamaraang inaprubahan ng Environmental Protection Agency (EPA).
Are towels and all bedding cleaned between each guest?	**Lalabhan ba ang mga tuwalya at lahat ng kumot sa pagitan ng panunuluyan ng bawat bisita?**
Yes, all linens must be removed after each stay and cleaned in accordance with the Centers for Disease Control and Prevention (CDC) guidelines.	Oo, dapat alisin ang lahat ng kumot pagkatapos ng bawat panunuluyan at labhan nang alinsunod sa mga alituntunin ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC).
How often are housekeeping, room delivery and maintenance staff screened for symptoms?	**Gaano kadalas dapat suriin kung may mga sintomas ang mga kawani sa housekeeping, room delivery at pagmementina?**
Daily, before the start of their shift. Anyone feeling sick or showing symptoms must stay home.	Araw-araw, bago magsimula ang kanilang shift. Dapat manatili sa bahay ang sinumang may sakit o nagpapakita ng mga sintomas.
Should hotel staff wear face coverings?	**Dapat bang magsuot ng face mask ang mga kawani ng hotel?**

All staff must be provided face coverings and wear them. In addition, they should use additional protective equipment, such as gloves, when necessary.	Dapat bigyan ng face mask ang lahat ng kawani at dapat nilang isuot ang mga ito. Dagdag dito, dapat silang gumamit ng dagdag na pamproteksyong kagamitan, gaya ng mga guwantes, kapag kinakailangan.
Should guests wear face coverings?	**Dapat bang magsuot ng face mask ang mga bisita?**
Yes, hotel guests should wear face coverings when outside of their rooms in addition to maintaining at least six feet of physical distance.	Oo, dapat magsuot ng face mask ang mga bisita sa hotel kapag nasa labas sila ng kanilang kwarto bilang karagdagan sa pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang pisikal na pagdistansya.
Are rooms cleaned daily or only at the end of a guest stay?	**Lilinisin ba araw-araw ang mga kwarto o sa bawat pagtatapos lang ng panunuluyan ng bisita?**
It is up to each hotel/rental property to determine a cleaning schedule. Most hotels offer daily room cleaning.	Nakadepende sa bawat hotel/rental na ari-arian ang pagpapasya kung kailan ang iskedyul ng paglilinis. Nag-aalok ang karamihan ng mga hotel ng araw-araw na paglilinis ng kwarto.
Will the mini bar be available in my room?	**Magkakaroon ba ng available na mini bar sa aking kwarto?**
No.	Hindi.
Will there be an in-room coffee maker available?	**Magkakaroon ba ng available na coffee maker sa kwarto?**
Single-serve coffee makers may be provided with disposable cups, instead of glassware, coffee cups or multi-cup makers.	Maaaring magbigay ng mga single-serve na coffee maker na may kasamang mga disposable na cup, sa halip na baso, tasa para sa kape o multi-cup maker.
Will ice machines be available?	**Magkakaroon ba ng mga available na ice machine?**
No.	Hindi.
Are guest laundry / dry cleaning services available?	**May available ba na mga serbisyo ng paglalaba / dry cleaning para sa bisita?**
Yes, pick-up and delivery should be done with contactless measures in place.	Oo, gagawin ang pagkuha at paghahatid sa mga contactless na pamamaraan.

Will in-room information on the facility be available?	**Magkakaroon ba ng available na impormasyon sa kwarto tungkol sa pasilidad?**
Yes, single use information guides may be made available to guests, but shared items you may have seen before, such as menus, will be removed from rooms.	Oo, magkakaroon ng mga pang-isahang gamit na gabay na impormasyon para sa mga bisita, pero aalisin sa mga kwarto ang mga pangkalahatang bagay na maaaring nakita mo dati, gaya ng mga menu.
How are hotel elevators managed to accommodate physical distancing?	**Paano pangangasiwaan ang mga elevator sa hotel para masunod ang pisikal na pagdistansya?**
Elevator capacity is limited to 4 individuals or a family at a time for any elevator that does not allow for 6-foot physical distance between riders. All riders are required to wear cloth face coverings.	Limitado ang kapasidad ng elevator sa 4 na indibidwal o isang pamilya sa bawat pagkakataon para sa alinmang elevator kung saan hindi masusunod ang 6 na talampakang pisikal na distansya sa pagitan ng mga sumasakay. Kinakailangan ng lahat ng sumasakay na magsuot ng telang face mask.
Are hotel bars open?	**Bukas ba ang mga bar ng hotel?**
Bars that serve food are able to open as long as physical distancing measures are in place.	Makapagbubukas ang mga bar na nagsisilbi ng pagkain hangga't nasusunod ang mga pamamaraan sa pisikal na pagdistansya.
Are hotel fitness centers open?	**Bukas ba ang mga fitness center ng hotel?**
Fitness centers are allowed to open, but check with each property to determine if they have opened their fitness center.	Pinapayagang magbukas ang mga fitness center, pero alamin sa bawat ari-arian kung binuksan na nila ang kanilang fitness center.
Are hotel business centers open?	**Bukas ba ang mga business center ng hotel?**
No, hotel business centers are not open.	Hindi, sarado ang mga business center ng hotel.
Is the spa open?	**Bukas ba ang spa?**
No.	Hindi.
Can I book an event (conference, wedding, meeting space)?	**Maaari ba akong mag-book ng event (kumperensya, kasal, lugar para sa meeting)?**

No, gatherings are not permitted.	Hindi, pinagbabawalan ang mga pagtitipon.
Are there special ventilation procedures?	**Mayroon bang mga espesyal na pamamaraan sa bentilasyon?**
Facilities should consider installing portable high-efficiency air cleaners, upgrading the building's air filters to the highest efficiency possible, and making other modifications to increase the quantity of outside air and ventilation in all offices, guest rooms and other spaces.	Dapat isaalang-alang ng mga pasilidad ang pagkakabit ng mga portable na high-efficiency na air cleaner, pag-upgrade sa mga air filter ng gusali sa posibleng pinakamataas na efficiency, at pagsasagawa ng iba pang pagbabago upang madagdagan ang hanging nanggagaling sa labas at bentilasyon sa lahat ng tanggapan, kwarto ng bisita, at iba pang espasyo.
Are valet services operational / recommended?	**May inaalok / inirerekomenda bang mga serbisyo ng valet?**
They may operate, but it is up to each hotel to determine if they are offering the service. If they are, physical distancing, face covering and hand washing guidelines should be followed.	Maaari itong gawin, pero depende sa bawat hotel kung magpapasya silang ialok ang serbisyo. Kung oo, dapat masunod ang mga alituntunin sa pisikal na pagdistansya, pagsusuot ng face mask, at paghuhugas ng kamay.
Should I allow the hotel staff to store or handle my luggage?	**Dapat ko bang payagan ang mga kawani ng hotel na itabi o bitbitin ang bagahe ko?**
You may. It is recommended staff wear face coverings and gloves. Where possible, baggage deliveries are to be placed in the room by the guest.	Maaari mo iyong gawin. Inirerekomenda ang pagsusuot ng mga kawani ng face mask at guwantes. Kung maaari, ang bisita dapat ang magpasok sa kwarto ng mga ihahatid na bagahe.
Short-Term Rentals Unit FAQs	**Mga FAQ Tungkol sa Unit Para sa Mga Short-Term Rental**
Can I use my time-share?	**Maaari ko bang gamitin ang aking time-share?**
Yes, with members of your own household.	Oo, kasama ang mga miyembro ng sarili mong sambahayan.
Can I book a VRBO / Airbnb?	**Maaari ba akong mag-book ng VRBO / Airbnb?**

Yes, with members of your own household.	Oo, kasama ang mga miyembro ng sarili mong sambahayan.
What kind of enhanced cleaning practices are required?	**Anong uri ng mga pinahusay na kasanayan sa paglilinis ang ipinatutupad?**
Enhanced cleaning of all high-touch areas, kitchens, pantries and linens are required. Rental units should also be equipped with additional hand soap, paper towels, toilet paper, disinfecting spray or wipes, and hand sanitizer. All leftover pantry items should be removed after each guest. Extra linens should not be stored in units and should be offered only on request. Pots and pans and other kitchen items that remain on the property after each guest must be cleaned between each guests' stay. Property owners should also ensure that HVAC and air filters are replaced regularly.	Ipinatutupad ang pinahusay na paglilinis ng lahat ng madalas na hawakang lugar, kusina, pantry at kumot. Dapat ding may nakalagay sa mga rental unit na karagdagang hand soap, mga paper towel, toilet paper, disinfecting spray o mga wipe, at hand sanitizer. Dapat alisin ang lahat ng tirang pagkain sa pantry sa pag-alis ng bawat panauhin. Hindi dapat nakalagay sa mga unit ang mga ekstrang kumot at dapat lang itong ibigay kapag hiniling. Dapat linisin sa pagitan ng bawat panunuluyan ng mga bisita ang mga kaldero at kawali at iba pang kasangkapan sa kusina na naiiwan sa ari-arian pagkaalis ng bawat bisita. Dapat ding tiyaking ng mga may-ari ng ari-arian na regular na napapalitan ang HVAC at mga air filter.
Is it safe to use kitchen items at a short-term rental?	**Ligtas bang gumamit ng mga kasangkapan sa kusina sa isang short-term rental?**
Yes, property owners are required to clean all kitchen items between each guest stay - including all items left in cabinets. Also, all appliances, kitchen areas including refrigerator shelving, oven stovetop, coffee-makers, toasters must be cleaned after each guest. Owners should consider using one-time use dinnerware and utensils when possible.	Oo, inaatas sa mga may-ari ng ari-arian na linisin ang lahat ng kasangkapan sa kusina sa pagitan ng bawat panunuluyan ng bisita - kabilang ang lahat ng gamit na naiwan sa mga cabinet. Dapat ding linisin sa pag-alis ng bawat bisita ang lahat ng appliance, mga bahagi sa kusina kabilang ang shelf ng refrigerator, oven stovetop, mga coffee-maker, at mga toaster. Dapat isaalang-alang ng mga may-ari ang paggamit ng pang-isahang beses na gamit na dinnerware at mga kubyertos hangga't maaari.

Are there extra precautions needed for bathroom cleanings?	**May mga karagdagang pag-iingat bang kinakailangan para sa mga paglilinis ng banyo?**
Bathrooms need to be cleaned with a multi-surface cleaner approved for use against COVID-19 by the EPA. Bathroom floors must also be vacuumed and mopped.	Kailangang linisin ang mga banyo gamit ang multi-surface na panlinis na inaprubahang gamitin laban sa COVID-19 ng EPA. Dapat ding i-vacuum at i-mop ang mga sahig ng banyo.
###	###